
# Ang Unang Republika ng Pilipinas




**NFE Accreditation and Equivalency Learning Material**

Philippines Nonformal Education Project
(ADB-Assisted)

Bureau of Nonformal Education
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS

# Ang Unang Republika ng Pilipinas

**Karapatang-Ari 1998**
**KAWANIHAN NG EDUKASYONG NONFORMAL**
**Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports**

Ang modyul na ito ay pag-aari ng Kawanihan ng Edukasyong Nonformal, Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports. Ang alinmang bahagi nito ay hindi maaaring ilathala o kopyahin sa anumang paraan o anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot ang organisasyon o ahensiya ng pamahalaang naglathala.

**Inilathala sa Pilipinas ng:**

Kawanihan ng Edukasyong Nonformal
Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports
3/F Mabini Bldg., DECS Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines
Tel. No.: (02) 635 - 5189 Fax No.: (02) 635 - 5191

REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS**
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines

**PHILIPPINES 2000**

***Sama-Sama sa DECS***

***Tanggapan ng Kalihim***
***Office of the Secretary***

***Mahal kong Mag-aaral,***

Inihahandog namin ang *Nonformal Education Accreditation and Equivalency* (NFE A & E) *Learning Program*. Ito ay isang alternatibong paraan upang higit na mapabuti ang iyong kaalaman at kakayahan sa pagbasa, pagsulat at pagkukwenta. Sa pakikisali mo sa programang ito, matatamo mo ang isang katibayan sa antas ng elementarya at sekondarya.

Sa pamamagitan ng sistemang ito, sisikapin namin na maihandog sa iyo ang isang uri ng pag-aaral na hahawi sa mga balakid na naging dahilan upang ikaw ay mahinto sa pag-aaral. Magagampanan mo nang maluwag ang mga gawain sa pagkatuto, dahil sarili mo ang oras ng pag-aaral at abot-kamay mo na ang mga bagay na makatutulong sa iyo.

Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga modyul sa antas ng elementarya at sekondarya, malilinang ang iyong kakayahan at kaalaman sa limang lawak ng pag-aaral. Makatutulong ito upang magampanan mo ang iyong tungkulin bilang isang Pilipino sa isang makabagong lipunan. Inaasahan na sa masusi mong pag-aaral ng mga modyul at pagsusuri ng sariling kakayahan at kaalaman, mauunawaan mo ang mga pang-araw-araw na suliranin at makapagbibigay ka ng makabuluhang pasiya. Magkakaroon ka rin ng bagong kakayahan at kaalaman na magagamit mong puhunan tungo sa pagkakaroon ng mabuting gawain, wastong gawing pangkalusugan, dagdag na kita, sigla sa pakikilahok sa mga gawaing pampamayanan at mabuting uri ng buhay para sa pamilya.

May pagsubok na ibibigay sa iyo. Sa pamamagitan nito, masusukat ang iyong kasanayan at kaalaman matapos mong pag-aralan ang mga modyul. Sakaling magtagumpay ka sa pagsubok, bibigyan ka ng katibayang pang-elementarya o pansekondarya. Makatutulong ito upang magkaroon ka ng magandang hanapbuhay at ng magandang pagkakataon para makapagpatuloy ng pag-aaral.

E-Mail Address:
OSEC@SKYINET.NET

**"Together Let Us Build This Nation Through Education"**

Tel. # 02-633-7228 or 7208
Fax # 02-632-0805

Sana'y makawilihan mo ang pag-aaral sa mga modyul na ito. Ang mga kasanayan at kaalaman dito ay makatutulong din sa iyo upang magkaroon ka ng disiplinang pansarili, makilala at maisagawa nang maayos ang iyong pananagutan upang matagumpay na makipamuhay sa isang lipunang patuloy na nagbabago. Sana'y maging isang Pilipino ka na marunong makibagay at gumanap ng tungkulin tungo sa pagsulong at pag-unlad ng pandaigdig na lipunan.

Makatulong sana sa iyo ang pagsisikap naming mapabuti ang uri ng iyong pamumuhay sa kinabukasan.

**ANDREW GONZALEZ, FSC**
*Kalihim*

## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

*Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya*
*sa pagkadalisay at pagkadakila*
*gaya ng pag-ibig sa sariling lupa?*
*Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala...*


– Andres Bonifacio

Ang pagmamahal sa bayan ay isang katangian ng isang tunay na Pilipino. Ang kanyang buhay ay kusang iaalay maipagtanggol lamang ang Inang Bayan.

Tayo'y nasakop ng iba't ibang bansa sa loob ng mahabang panahon. Ang ating kalayaan ay nanganib din nitong nakalipas na dalawang dekada, lalo na noong panahon ng Batas Militar o *Martial Law.* Ngunit ipinamalas ng mga Pilipino ang kanilang lubos na pagpapahalaga sa kalayaan. Sa mapayapang paraan noong Pebrero 1996, nagkaisa silang sama-samang ibalik at panatilihin ang kalayaang dati nilang tinatamasa.

Maraming pangyayari ang naganap sa pagtatanggol, muling pagkakamit, at sa pagpapanatili ng ating kalayaan. Kung hindi sa mga pangyayaring ito, hindi natin matatamasa ang kalayaan, kapayapaan at kaunlaran ng ating bansa ngayon. Kaya't nararapat na lingunin natin at alamin ang ating nakaraan.

Ang pag-aaral ng mga naganap na pangyayari o kasaysayan ng ating bansa ay mahalaga. Ang mga nagaganap ngayon ay bunga ng ating nakaraan. Higit na mauunawaan natin at mapahahalagahan ang mga nangyayari ngayon kung alam natin ang ating nakaraan o kasaysayan.



Sa modyul na ito, ilalarawan sa iyo ang ilan sa mahahalagang pangyayari sa ating kasaysayan. Makikilala mo ang ating mga bayani na nagpakasakit at nagbuwis ng kanilang buhay sa pagtatamo ng ating kasarinlan. Bibigyang-diin ang mga aral na idinulot ng mga pangyayaring makasaysayan.

Nahahati sa tatlong aralin ang modyul na ito:

Aralin 1: Ang Ating mga Ninuno

Aralin 2: Ang Pagpapahayag ng Hinaing

Aralin 3: Ang Unang Republika ng Pilipinas



## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo?

Matapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang magkakaroon ka ng kaalaman at pagpapahalaga sa mga makasaysayang pangyayari ng ating bansa. Inaasahan ding maiuugnay mo ang kahalagahan ng mga ito sa kasalukuyan at sa ating kinabukasan. Nang sa gayon, malilinang sa iyo ang makabansang damdamin.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul, inaasahang makakaya mo nang:

1. Lumahok sa talakayan ng mga ideya at damdamin ng iba;
2. Maisalaysay ang ilang mahahalagang pangyayari sa pagtatamo ng ating kasarinlan; at
3. Magbigay ng sariling opinyon ukol sa mga nabasa mo tungkol sa kasaysayan ng ating bansa.



## Alam Mo Ba?

Bago mo simulan ang pag-aaral ng modyul, sagutin mo muna ang mga katanungan upang makita kung ano na ang alam mo sa mga paksang tatalakayin dito.

Isulat sa patlang ang **Tama** kung ang pangungusap ay tama, at **Mali** kung ito ay mali.

_______ 1. Walong mga bansa ang nakasakop sa Pilipinas.

_______ 2. Marami tayong mga bayani na nagpakasakit at nagbuwis ng kanilang buhay sa pagtatamo ng ating kalayaan.

_______ 3. Ang ating kalayaan ay ipinagdiriwang tuwing ika-12 ng Hunyo.

_______ 4. Hindi na dapat ipagdiwang ang mga pangyayaring makasaysayan sapagkat nakaraan na ang mga ito at wala nang kabuluhan.

_______ 5. Ang Martsa ng Kamatayan o *Death March* ay nangyari noong panahon ng mga Kastila.

_______ 6. Nagbigay ng karangalan ang *People Power Revolution* sa mga Pilipino.

_______ 7. Pinairal ang Batas Militar sa loob ng maraming taon noong si Ferdinand Marcos ang pangulo ng ating bansa.

_______ 8. Nalilinang ang damdaming makabayan sa pag-aaral ng kasaysayan.

_______ 9. Ipinagkaloob ng mga Hapones ang ating kasarinlan noong ika-14 ng Hulyo, 1946.

_______ 10. Si Ramon Magsaysay ang nagbalik ng demokrasya sa ating bansa mula sa ilalim ng Batas Militar.

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 19.

Kung tama ang lahat ng iyong kasagutan, magaling! Maaari mo pa ring basahin ang modyul upang maragdagan ang iyong kaalaman.

Kung may mga mali sa iyong mga sagot, huwag mabahala. Pag-aralan ang modyul upang maintindihan ang paksa nito. Pumunta sa susunod na pahina para sa unang aralin.

## ARALIN 1

# Ang Ating mga Ninuno

Alam mo ba na ang ating mga ninuno ay mapayapa at malayang namumuhay hanggang sa dumating ang mga mananakop ng ating bansa?


Sa unang araling ito, malalaman mo ang uri ng pamumuhay ng mga unang Pilipino bago dumating ang mga Espanyol. Malalaman mo rin ang naging patakaran ng mga Espanyol nang sila ang namahala sa ating bansa.


## Basahin Mo


Bago tayo sinakop ng mga dayuhan, ang ating mga ninuno ay matahimik na namumuhay sa kani-kanilang barangay. Sila ay may sariling pamahalaan. Isang datu ang namumuno at nagtatanggol sa mga kasapi ng barangay. Sa tulong ng ilang iginagalang na matatanda sa barangay, siya ang gumagawa at nagpapatupad ng mga batas. Sila rin ang humahatol at nag-aayos sa mga di-pagkakasundo sa barangay.




Walang mga paaralan noon, ngunit sinasabing lahat ay marunong bumasa at sumulat. Sa tahanan tinuturuan ang mga batang bumasa at sumulat. Tinuturuan ng ama ang mga anak na lalaking maghanapbuhay. Sinasanay naman ng ina ang mga anak na babae sa gawaing bahay. Sila ay tinuturuan din ng kabutihang asal.







Dumating ang mga Kastila at sinakop ang ating bayan. Tinutulan ito ng mga Pilipino at ipinagtanggol nila ang ating kalayaan. Sa isang labanan sa Mactan, Cebu, napatay ni Lapu-lapu si Magellan. Si Lapu-lapu ay isang matapang na Pilipino at kinikilalang unang bayaning Pilipino.



Hindi naging mabuti ang pamamahala ng mga Kastila. Sapilitang pinagtrabaho nila ang mga Pilipino nang walang bayad. Kinuha rin nila ang inaani ng mga Pilipino sa mababa o walang bayad. Mapang-api sila at naging mahigpit sa mga taong bayan.

Tinutulan ito ng mga Pilipino. Nagsikap silang humingi ng mga pagbabago sa pamamahala sa Pilipinas ng bansang Espanya.

## Sagutin Mo

1. Noong panahon ng ating mga ninuno, sino ang may pananagutan sa pagtuturo sa mga anak? Ipaliwanag.

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Sino ang unang sumakop sa ating bansa?

______________________________________________

______________________________________________

3. Anong katangian ng mga Pilipino ang ipinamalas ni Lapu-lapu?

______________________________________________

______________________________________________

4. Ano ang masasabi mo sa pamamahala ng mga Kastila sa Pilipinas?

______________________________________________

______________________________________________

5. Nagustuhan ba ito ng mga Pilipino? Ano ang ginawa nila?

______________________________________________

______________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto*, pahina 19. Kung tama lahat ang mga sagot mo, magaling. Umpisahan mo na ang *Aralin 2*.

ARALIN 2


# Ang Pagpapahayag ng Hinaing

Sa unang aralin, nalaman mo ang mga paghihirap na dinanas ng mga Pilipino sa ilalim ng mga Kastila. Tinutulan ito ng mga Pilipino at gumawa sila ng mga paraan para ipaabot sa Espanya ang kanilang hinaing.

Ikinagalit ito ng mga Kastila. Pinagbintangan nila ang tatlong pari na sina Padre Mariano Gomez, Jose Burgos at Jose Zamora na mga pinuno ng kilusang nag-udyok sa taong bayan na maghimagsik laban sa pamahalaan.

Inaresto ang tatlong pari at binitay sa Bagumbayan – ngayon ay kilala sa tawag na Rizal Park. Ang pagkamatay ng tatlong paring ito ang nagpaalab ng damdaming makabayan ng mga Pilipino.

Naging matapang ang mga Pilipino sa pagpapahayag ng kanilang hinaing laban sa pamamahala ng mga Kastila sa Pilipino.



Sina Graciano Lopez Jaena at Marcelo H. del Pilar ay nagtatag ng pahayagang *La Solidaridad.* Kasama nilang mga mamamahayag sina Jose Rizal, Mariano Ponce, Antonio Luna at iba pa. Sa pahayagang ito, tinutulan nila ang hindi makatarungang pamamahala ng simbahan at pamahalaang Kastila.


Sa pamamagitan ng pagsusulat, maaaring ilathala at iparating sa buong madla, at maging sa buong mundo, ang hindi magandang palakad ng isang pamahalaan.

Maliban sa panahon ng Kastila, may naaalala ka bang yugto sa ating bayan kung saan naging aktibo rin ang mga pahayagan at manunulat na punahin ang mga kabaluktutan ng ating mga pinuno? Isulat ito sa ibaba

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



Si Jose Rizal ay isang bayani at magaling na manunulat. Ginamit niya ang talentong ito upang ipaalam sa buong mundo ang sitwasyon sa bansa noong panahon ng mga Kastila.

Sa pamamagitan ng mga nobela niya na *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*, ang pang-aaping ginagawa ng mga Kastila sa mga Pilipino ay naging buhay sa alaala ng mga tao. Nagalit ang mga Kastila kay Jose Rizal. Siya ay inaresto at binaril sa Bagumbayan noong Disyembre 30, 1896.

Ngayon, alam mo na kung bakit ang Bagumbayan ay pinangalanang *Rizal Park.* Ito ay para sa alaala ni Jose Rizal na tinaguriang Pambansang Bayani.

## Sagutin Mo

1. Sinu-sino ang tatlong pari na binitay sa Bagumbayan?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Bakit sila binitay?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Sa anong paraan ipinaabot nina Graciano Lopez Jaena ang kanilang hinaing sa mga Kastila?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Anong dalawang nobela ang isinulat ni Dr. Jose Rizal?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

5. Kailan binaril si Dr. Jose Rizal?

   ______________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa sagot sa *Susi sa Pagwawasto,* pahina 19. Kung nakuha mong lahat ang sagot, ipagpatuloy mo ang iyong pag-aaral sa modyul. Kung may mali ka, pagbalik-aralan ang paksang hindi mo gaanong naunawaan.



## Subukin ang Sarili

Bilang pagtatapos ng araling ito, subukin mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Pag-isipang mabuti ang iyong sagot.

1. Ipaliwanag ang mga ginawa ng mga Pilipino noong panahon ng mga Kastila upang magkaroon ng makatarungang pamamahala.

______________________________________________

______________________________________________

2. Bakit inaresto at ipinabaril si Jose Rizal?

______________________________________________

______________________________________________

3. Kung ikaw ay nabubuhay noong panahon ng mga Kastila, paano mo kaya matutulungan ang iyong bansa upang magkaroon ito ng makatarungang pamahalaan?

______________________________________________

______________________________________________

Kung maaari, makipagtalakayan sa ibang mag-aaral o kaya'y sa mga taong may alam sa kasaysayan upang masagot ang mga tanong sa itaas. Pare-pareho ba ang inyong mga sagot o ideya?

Tingnan mo rin ang mga tamang sagot sa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 20.

**ARALIN 3**

# Ang Unang Republika ng Pilipinas



Nakita natin sa *Aralin 2* na tinutulan ng mga bayaning tulad nina Padre Zamora at Jose Rizal ang mapang-aping pamamahala sa ating bansa ng mga Kastila. Ang kanilang pagtutol ay masasabi nating ginawa sa mapayapang paraan.

Si Andres Bonifacio ay isang bayaning iba ang pananaw kung ihahambing kay Rizal.

Hindi siya naniwala na epektibo ang mapayapang paraan upang ang Kastilang pamahalaan ay magbago. Itinatag niya ang Katipunan, isang samahan laban sa mga Kastila. Nagkaisa sila ng mga kasama niyang Katipunero na simulan na ang himagsikan.

Kumalat ang himagsikan sa iba't ibang bahagi ng bansa. Sunud-sunod ang naging tagumpay ni Heneral Aguinaldo, isang matapang na Katipunero sa lalawigan ng Cavite.

## Sagutin Mo

1. Sino ang nagsimula ng himagsikan? Bakit siya nagpasiya na maghimagsik?

   ______________________________

   ______________________________

2. Sa tingin mo, alin ang mas mabisang paraan: ang mapayapang paglaban o ang himagsikan laban sa Kastila? Pag-isipang mabuti at ipaliwanag ang iyong sagot. (Maaari ring makipagtalakayan sa iba tungkol dito.)

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________


Ihambing ang iyong mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 20.



Habang ang mga ninuno natin ay nakikipaglaban sa mga Kastila, may digmaan namang nagaganap sa pagitan ng America at Espanya.

Nakipagkasundo ang mga Kastila sa mga Pilipino na ihinto na ang labanan. Napagkasunduan na lilisanin ni Aguinaldo ang Pilipinas at pupunta sa Hongkong. Ang mga Pilipino naman na naghimagsik laban sa Espanya ay hindi parurusahan at hahayaang umuwi sa

kani-kanilang tahanan. Pagkakalooban din sila ng kabayarang salapi sa mga napagkasunduang panahon.



Nilisan ni Aguinaldo ang Pilipinas at nagpunta sa Hongkong. Ngunit nagpatuloy pa rin ang ilang mga labanan. Hindi nasunod ang pinagkasunduan at wala pa ring tiwala sa isa't isa ang mga Pilipino at Kastila.

Hinikayat ng mga Amerikano si Aguinaldo na ipagpatuloy ang pakikipaglaban sa mga Kastila. Dumating si Aguinaldo sa Cavite noong Mayo 19, 1898. Ipinamahagi niya ang mga sandata na binili niya kaya't mabilis na nasakop ng hukbong Pilipino ang mga munisipyo na nakapaligid sa Maynila.

## Sagutin Mo

1. Bakit kaya nakipagkasundo ang mga Kastila sa mga Pilipino na ihinto na ang labanan?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ipaliwanag ang kasunduang naganap.

   ______________________________________________


   ______________________________________________

3. Ano ang nangyari? Nahinto ba ang labanan? Bakit?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

Pagkapos masagutan ang mga ito, tingnan ang mga tamang sagot sa *Susi sa Pagwawasto*, pahina 20.



Noong Hunyo 12, 1898 ipinahayag ni Heneral Aguinaldo ang kalayaan ng Pilipinas sa Kawit, Cavite. Sa unang pagkakataon iniwagayway ang watawat ng Pilipinas at unang tinugtog ang Pambansang Awit.

## Gawin Mo

Tunay na makulay ang ating kasaysayan. Kung may panahon ka at kung may malapit na aklatan sa inyo, magbasa ka tungkol kina Aguinaldo, Rizal at iba pang mga bayani. Magbasa ka rin tungkol sa mga makasaysayang pangyayari upang lalo mong mapahalagahan ang mga ito.

## Sagutin Mo

1. Nagtagumpay ba ang mga Pilipino sa pagbawi ng kanilang kalayaan?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Anong makasaysayang pangyayari ang naganap noong ika-12 ng Hunyo, 1898?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

Nasagot mo ba ang mga tanong? Kung ganoon, tingnan ang *Susi sa Pagwawasto*, pahina 21.



## Alam Mo Na Ba?

Isulat sa patlang ang **Tama** kung ang pangungusap ay tama, at **Mali** kung ito ay mali.

1-2. Ang mga bansang sumakop sa Pilipinas ay ang __________ at __________.

3. Ipinagdiriwang tuwing _______________ ang ating kalayaan na siyang ipinahayag ni Aguinaldo sa Kawit, Cavite.

4. Pinairal ang Batas Militar sa loob ng 20 taon noong si _______________ ang pangulo ng ating bansa.

5. Ang pahayagang _______________ ay itinatag nina Graciano Lopez Jaena at Marcelo del Pilar.

7-9. Ang tatlong paring binitay sa Bagumbayan ay sina ________________, ________________ at ________________.

10. Ang tawag ngayon sa Bagumbayan ay ________________.

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 21.

Kung ang nakuha mo ay:

0-1 Kailangang ulitin mo ang pag-aaral ng buong modyul.

2-4 Balik-aralan mo ang parte ng modyul na hindi mo naintindihan.

5-7 Magaling! Balikan mo na lang ang hindi mo pa nakuha nang tama.

8-10 Napakagaling! Marami kang natutuhan sa modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.

# Susi sa Pagwawasto

## A. Alam Mo Ba? *(pahina 3)*

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | Mali | 6. | Tama |
| 2. | Tama | 7. | Tama |
| 3. | Tama | 8. | Tama |
| 4. | Mali | 9. | Mali |
| 5. | Mali | 10. | Mali |

## B. Aralin 1

*Sagutin Mo (pahina 7)*

1. Ang mga ama ang nagtuturo sa mga anak na lalaki at ang mga ina naman ang nagtuturo sa mga anak na babae.
2. Mga Kastila
3. Katapangan
4. Hindi naging mabuti. Mapang-api sila.
5. Hindi. Tinutulan nila ito.

## C. Aralin 2

*Sagutin Mo (pahina 11)*

1. Padre Mariano Gomez, Padre Jose Burgos at Padre Jose Zamora
2. Ipinaabot nila sa Espanya ang hinaing ng mga Pilipino
3. Sa pamamagitan ng pamamahayag.
4. *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*
5. Disyembre 30, 1896.

*Subukin ang Sarili (pahina 12)*

1. Ipinaabot nila ang mga hinaing ng mga naaaping Pilipino sa pamamagitan ng pagsusulat at pamamahayag. Mas ginusto pa nilang mamatay kaysa mapailalim sa mapang-aping mga dayuhan.
2. Dahil sa mga isinulat niyang mga nobela na nagbunyag sa mga pang-aapi ng mga Kastila.

## D. Aralin 3

*Sagutin Mo (pahina 14)*

1. Si Andres Bonifacio. Hindi siya naniniwala na makukuha ang hinihinging pagbabago mula sa Espanya sa mapayapang paraan.
2. (Ang alin mang sagot ay tama kung may makatuwirang paliwanag.)

*Sagutin Mo (pahina 15)*

1. Dahil may digmaang nagaganap sa pagitan ng mga Amerikano at mga Kastila.

2. Lilisanin ni Aguinaldo ang Pilipinas upang pumunta sa Hongkong. Hindi parurusahan ang mga Pilipinong naghimagsik laban sa mga Kastila.

3. Hindi rin nasunod ang kasunduan. Hinikayat ng mga Amerikano si Aguinaldo na ipagpatuloy ang pakikipaglaban sa mga Kastila. Ipinamahagi niya ang mga sandatang binili at nagapi nila ang mga Kastila.

*Sagutin Mo (pahina 17)*

1. Oo.
2. Ipinahayag ni Heneral Aguinaldo ang kalayaan ng Pilipinas sa Kawit, Cavite.

## E. Alam Mo Na Ba? *(pahina 17)*

1-2. Espanya, Estados Unidos
3. Hunyo 12
4. Ferdinand Marcos
5. La Solidaridad
6. Andres Bonifacio
7-9. Padre Mariano Gomez, Jose Burgos at Jose Zamora
10. Rizal Park

DEP ED CENTRAL LIBRARY
MERALCO AVE. PASIG CITY